


Positibong Pagpapalaki, Magkasamang Protektado

Kapag Kailangan Mo ng Tulong, Gawin Ito!

Para sa mga Bata



Pag-unawa Patungkol sa Pag-abuso sa Bata

Ano ang pag-abuso sa bata?

Nangangahulugan ito na sinasaktan ng isang nakatatanda ang iyong katawan o damdamin, o pinipigilan kang lumaking malusog. Saklaw rin nito ang pag-iwan sa iyo nang mag-isa o hindi pag-aalaga ng iyong magulang o tagapangalaga na dapat ay nagbabantay sa iyo.

Lahat ng ito ay kabilang sa pag-abuso sa bata!

1. Mga bagay na makasasakit sa iyong katawan

pisikal na pag-abuso

Nangangahulugan ito na may taong sadya kang sinasaktan o pinahihirapan, at hindi ito aksidente.



- Paghampas gamit ang kamay o paa, o pagkagat sa iyo
- Paghampas gamit ang bagay, o paggamit ng puwersa upang takutin ka
- Pagbanli gamit ang mainit na tubig, o pananakit sa iyo gamit ang mapaminsalang gamot o kemikal

2. Mga bagay na makasasakit sa iyong damdamin

emosyonal na pag-abuso

Ito ay kapag ginagamitan ka ng masasamang salita o kilos upang takutin ka, kinukumpara ka sa ibang mga bata, at kahit na ano pa na maaaring magdulot sa iyo ng lungkot o takot.



- Pagsabi ng masasamang bagay na sumisira sa iyong dangal, o makapagpapababa sa iyo
- Pagkumpara sa iyo sa iyong mga kapatid o kaibigan, at pagtrato sa iyo nang hindi patas o masama
- Pagtakot sa iyo, o paglalantad sa iyo sa pag-aaway ng nakakatanda sa inyong bahay

3. Mga bagay na nakakahiya o hindi komportable para sa iyo

sekswal na pag-abuso

Nangangahulugan ito na hindi nirerespeto ng nakatatanda ang iyong katawan at pinagsasamantalahan ka para sa kanilang masasamang hangarin.



- Paghawak sa iyong katawan kahit sinabi mong huwag, o pagpuwersa sa iyong hawakan sila
- Panunukso sa iyo ng mga nakakahiya o kakaibang salita o kilos
- Pagpuwersa sa iyong tumingin sa malalawang larawan o bidyo na nagiging dahilan upang hindi ka mapalagay, o pagkuha ng litrato o bidyo ng iyong katawan

4. Mga bagay na nag-iiwan sa iyo na walang nag-aalaga

pagpabaya

Nangangahulugan ito na hindi ibinibigay sa iyo ang mga bagay na kailangan mo upang lumaking ligtas, at pag-iwan sa iyo nang mag-isa.



- Pagpigil sa iyo na pumasok sa paaralan, o paulit-ulit na pananatili sa iyo sa bahay
- Pag-iwan sa iyo nang mag-isa sa bahay o ospital
- Hindi pagbigay sa iyo ng sapat na pagkain, o hindi pagdala sa iyo sa doktor kapag ikaw ay may sakit

Ano ang Nangyayari Matapos Masumbong ang Pag-abuso sa Bata

Kapag kaya mong magsalita, ito ang maitutulong namin!



1. Natanggap ang sumbong

Sinumang makapapansin ng pag-abuso sa bata, o ang bata mismo, ang hihingi ng tulong.

- Maaari kang tumawag sa 112 anumang oras, araw o gabi, at humingi ng tulong sa nakatatanda.

2. On-site na imbestigasyon

Bibisita sa iyo ang isang pulis at tagapagpayo sa kaligtasan ng kabataan.

- Itatanong nila ang nangyari at gagabayan ka nila rito nang paunti-unti.



3. Sa batang nasaktan

Ililipat ka at babantayan sa ligtas na lugar.

- Kung sa palagay ng nakatatanda na hindi ligtas sa iyong manatili sa bahay, dadalhin ka nila sa isang shelter, sa ibang tahanan na magiging ligtas ka, o sa ospital kung kailangan mong gamutin, upang makapagpahinga ka.

4. Pagparusa sa nakatatandang nanakit sa iyo

Titiyakin naming hindi sila muling makagagawa ng masama.

- Titiyakin ng mga pulis na hindi ka na malalapitan o masasaktang muli ng nakatatandang nanakit sa iyo.
- Maaaring kailanganin ng nakatatandang iyon na tumira nang hiwalay sa iyo, o kumuha ng pagpayo o mga klase upang hindi ka na masaktan pang muli.



5. Pamamahala ng kaso

Maaari kang patuloy na humingi ng tulong.

- Para sa iyo (ang batang nasaktan), gagamutin namin ang iyong katawan at damdamin, at tutulungan ka naming makamit ang iyong mga pangarap.
- Para sa nakatatandang nanakit sa iyo (ang nang-abuso), sasailalim siya sa mga sesiyon at pagpapayo upang hindi ka na muling malagay sa panganib o masaktan.
- Para sa iyong pamilya (sa pamilya ng batang nasaktan), nagbibigay kami ng payo upang maging tahimik ang inyong tahanan, at kapag kinakapos sa pera, nag-aabot kami ng panustos para sa inyong mga pangangailangan upang maging masaya ang lahat sa pamilya.

Proteksiyon para sa mga Taong Nagsumbong



Ligtas ang lahat ng nagsusumbong.



1. Pinananatiling Sikreto


Hindi ibinubunyag sa sinuman ang nagsumbong.

Kung sinuman ang magbubunyag o magpapakalat sa nagsumbong, pinarurusahan sila nang matindi ng batas.

2. Proteksiyon sa Pananakit

Walang sinuman ang sesermunan o sasaktan kapag sila ay nagsumbong.

Walang sinuman ang maaaring mang-iwan sa iba, ma-bully, o tratuhin nang masama dahil lamang sila ay nagsumbong. Pinoprotektahan ng batas ang taong naglakas-loob na humingi ng tulong, at pinipigilan ang iba na tratuhin sila nang masama.



3. Pinananatili kang Ligtas


Pinananatili kang ligtas sa panganib.

Habang isinasagawa ang imbestigasyon, maaaring gumamit ng ibang pangalan sa halip na iyong totoong pangalan, upang walang makakilala sa iyo. Kung may manggagambala sa iyo, madalas na magpapatrolya ang kapulisan sa paligid ng inyong tahanan at titiyaking makakapanatili ka sa isang ligtas na lugar.

Tama lang ang magsumbong. Huwag mag-atubili!

Kung may sinasaktan, natatakot, o nahihirapang mag-isa, tama lamang na ipaalam ito sa mapagkakatiwalaang nakatatanda, tumawag sa 112, o makipag-ugnayan sa isang counseling center. Ang pagsasabi ng katotohanan sa abot ng iyong nalalaman tungkol dito ay mahalagang paraan upang matiyak ang kaligtasan mo at ng iyong mga kaibigan.





Tungkol sa mga Ligtas na Tirahan ng Bata

Ano ang Ligtas na Tirahan ng Bata?

Kabilang sa Ligtas na Tirahan ng Bata ang iyong paaralan at mga kalapit na lugar tulad ng mga stationery shop, 24-oras na convenience store, at mga botika. Kapag ikaw ay nasa panganib o kailangan ng tulong, pumasok sa loob. Titiyakin nilang ligtas ka at sasamahan sa pulis.

Dumulog sa Ligtas na Tirahan ng Bata para humingi ng tulong sa mga sumusunod na sitwasyon!

Kapag may estrangherong kumausap sa iyo sa alinman sa mga sitwasyong ito, huwag sumama sa kanila. Kapag kailangan mo ng tulong, magtungo sa pinakamalapit na Ligtas na Tirahan ng Bata.



- “Kaibigan ako ng iyong nanay. Kasama niya ako, kaya sumama ka sa akin.”**
Huwag sumama sa sinuman nang walang pahintulot sa iyong mga magulang! Sabihing tatawagan mo muna ang iyong pamilya, at huwag sumama sa kanila.
- (Mula sa kotse) “Matutulungan mo ba akong hanapin ang paaralan (o ospital, pribadong paaralan, at iba pa)?” o “Pareho naman ang daan natin. Isabay na kita.”**
Huwag sumakay sa kotse ng estranghero! Sabihing “Kailangan ko nang umuwi” o “Kaya kong pumunta sa sarili ko.”
- “Sa taas lang ako nakatira. Sabay na tayo sa elevator.”**
Huwag sumama sa sinumang kahina-hinala! Sabihing may kailangan kang gawin, at lumakad palayo.
- (Nagpapakita ng game console, pagkain, at iba pa) “Bibilhan din kita. Gusto mong sumama?” o “Mayroong bagong pribadong paaralan na nagbibigay ng regalo. Tara, punta tayo.”**
Huwag tumanggap ng regalo sa mga hindi mo kilala! Sabihing hindi mo ito kailangan, at lumakad palayo.
- Laging tandaan ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono, at pangalan ng iyong mga magulang.**
Itago ang mga kuwintas, pulseras, name tag, at anumang naglalaman ng iyong personal na impormasyon.



※ Humingi na rin ng tulong sa pinakamalapit na Ligtas na Tirahan ng Bata kapag ikaw ay nanganganib sa kahit na anumang dahilan: kapag ikaw ay naligaw, nahiwalay sa iyong tagapangalaga, biglang nakaramdam ng sakit o nasaktan, o na-bully sa paaralan.

Paghanap ng "Ligtas na Tirahan ng Bata" sa inyong komunidad

Maaaring humanap sa Kaligtasan Dream(SAFETY Dream) website ng mga "Ligtas na Tirahan ng Bata" na malapit sa iyo!



Pumunta sa
Kaligtasan Dream(SAFETY Dream)
website (www.safe182.go.kr)



I-click ang “Ligtas na Tirahan ng Bata”



I-click ang “Maghanap ng Ligtas na Tirahan ng Bata”

Paraan ng Pag-uulat ng Pang-aabuso sa Bata



Kumausap sa ibang tao kapag kailangan mo ng tulong!



**Tumawag sa
112 upang
magsumbong**



**129
naman kapag
makikipag-usap**

1. Kailan mo kailangan kausapin ang nakatatanda? (Magsumbong sa mga sitwasyong ito!)



- Kapag mayroong taong nananakit sa iyo o sa kaibigan mo, o kapag ikaw ay nangangambang mangyayari ito
- Kapag palagi mong naririnig ang bata sa kapitbahay na umiiyak nang malakas, sumisigaw, o nasasaktan
- Kapag maraming pasa o sugat ang kaibigan mo at nag-aatubiling magsalita kapag tinanong mo kung paano niya nakuha ang mga ito
- Kapag nagsusuot ang kaibigan mo ng mga damit na hindi angkop sa panahon, o palaging nagsusuot ng maruruming damit

2. Ano ang sasabihin mo kapag ikaw ay nagsumbong? (Sabihin sa kanila ang mga ito!)



- Ang iyong pangalan at numero ng telepono
- Ang kasarian, edad, at address ng batang nangangailangan ng tulong
- Anumang alam mo tungkol sa taong nananakit sa kanila, tulad ng kanilang pangalan, kasarian, edad, at address

※ Maaari kang magsumbong kahit na hindi mo alam ang eksaktong detalye tungkol sa bata na nangangailangan ng tulong o tungkol sa taong nananakit sa kanila!



Impormasyon tungkol sa mga Kaugnay na Institusyon



Saan ka puwedeng makahingi ng tulong?



+ Pulis (Police) (112)

Matutulungan ka agad kapag ikaw ay tumawag habang nasa panganib.

+ Call Center ng Kagawaran ng Kalusugan at Kapakanan (Ministry of Health and Welfare Call Center) (129)

Ikokonekta ka sa isang kuwalipikadong tagapayo patungkol sa pag-abuso sa bata kapag ikaw ay tumawag at pinindot ang 6.

+ Si/Gun/Gu (lungsod, county, o distrito) na opisina (Si/Gun/Gu (city, county, or district) office)

Bibisitahin ang batang nangangailangan ng tulong, titingnan ang sitwasyon, at pananatiliing ligtas ang bata.

+ Ahensiya sa Kaligtasan ng Bata (Child Protection Agency)

Nagpapayo sa bata at tutulungan silang manatili sa isang ligtas na lugar.

+ Ahensiya para sa Adbokasiya sa mga Taong may Kapansanan (Agency for the Advocacy of Persons with Disabilities) (1644-8295)

Ikokonekta ang mga batang may kapansanan sa kuwalipikadong tagapagpayo tungkol sa pag-abuso sa bata.

+ Sentrong Sumusuporta sa mga Pamilyang Multikultural (Danuri Helpline) (1577-1366)

Tinutulungan ang mga multikultural na pamilya na mayroong nagaganap na pag-abuso at karahasan sa tahanan.



Mga lugar kung saan ka o ang iyong pamilya makahihingi ng tulong!



+ Pambansang Sentro para sa mga Karapatan ng Bata (National Center for the Rights of the Child) (02-6454-8500, www.ncrc.or.kr)


Gumagawa ng maaayos na patakaran upang lumaking masaya ang bawat bata

+ Aisarang (i-Sarang) (02-1566-3232, www.childcare.go.kr) Pangunahing Sentro para sa Suporta at Pag-aalaga ng Bata (Central Support Center for Childcare) (1577-0756, <https://central.childcare.go.kr>)

Nagbibigay-impormasyon sa mga magulang patungkol sa pagbubuntis, panganganak, pangangalaga sa anak, at pagbibigay ng ekspertong payo

+ Sentro para sa Pamilya (Family Center) (1577-9337, www.familynet.or.kr)

Nagkakaloob ng pagpapayong pampamilya at masasayang programa upang matulungan silang maging malapit sa isa't isa



Positibong Pagpapalaki, Magkasamang Protektado

Kapag Kailangan Mo ng Tulong, Gawin Ito!

• Para sa mga Bata •